

Maging Handang RedCross

Checklist para sa Kaligtasan sa Bagyo sa Taglamig

Ang mga bagyo sa taglamig ay maaaring maging katamtamang niyebe nang ilang oras hanggang maging bagyo ng niyebe na may nakakabulag na may malakas na hanging niyebe na nagtatagal ng ilang araw. Ang ilang bagyo sa taglamig ay malaki na nakakaapekto sa ilang estado, samantalang ang iba ay nakakaapekto lamang sa iisang komunidad. Maraming bagyo sa taglamig ang may kasamang delikadong mabababang temperatura at minsan ay may malalakas na hangin, pagyeyelo, sleet at malamig na ulan.

Alamin ang Kaibhan

Pananaw sa Bagyo sa Taglamig

Ang mga kondisyon sa bagyo sa taglamig ay posible sa susunod na 2 hanggang 5 araw.

Abiso sa Panahon sa Taglamig

Ang kondisyon ng panahon sa taglamig ay inaasahang magdulot ng hirap sa paggawa at maaaring mapeligro. Kapag nag-iing, ang mga sitwasyong ito ay maaaring hindi delikado sa buhay.

Pagbantay sa Bagyo sa Taglamig

Ang mga kondisyon sa bagyo sa taglamig ay posible sa loob ng susunod na 36 hanggang 48 na oras. Ang mga tao sa lugar na binabantayan ay dapat magrepsao ng kanilang mga plano sa bagyo sa tag-ulan at manatiling nakakaalam tungkol sa mga kondisyon ng panahon.

Babala sa Bagyo sa Taglamig

Ang mga banata sa buhay, matinding kondisyon pag taglamig ay nagsimula o magsisimula sa loob ng 24 oras. Ang mga tao sa lugar na may babala ay dapat agad mag-ingat.

Ano ang aking dapat gawin?



- Magsuot ng ilang patong na magaanang damit, magsuot ng guwantes at sombrero (mas mainam yung nagtatakip sa iyong mga tenga).
- Magsuot ng hindi nababasang, may saping mga botas upang panatiliing mainit at tuyo ang iyong paa at mapanatili ang pag-apak mo sa yelo at niyebe.
- Iwasan ang pagbiyahe. Kung kailangang magbiyahe, magpanatili ng kit para sa supply sa sakuna sa iyong sasakyan.
- Makinig sa isang NOAA Weather Radio o sa ibang lokal na channel ng balita para sa kritikal na impormasyon mula sa National Weather Service (NWS).
- I-winterize ang iyong behikulo at panatiliing puno ang tangke ng gas. Ang punong tangke ay pang-iwas sa pag-tigas ng linya ng langis.
- Sapinan ang inyong tahanan sa pamamagitan ng paglagay ng mga bintanang pang-ulan o pagtakip ng plastik mula sa loob upang huwag makapasok ang malamig na hangin.
- Mentinahin ang kagamitang pang-init at ang mga labasan ng usok sa pamamagitan ng paglilinis nito bawat taon.
- Ipasok ang mga alagang hayop/mga kasamang hayop sa loob sa panahon ng taglamig. Ilipat ang ibang hayop o mga pambukid na hayop sa silungang lugar na may hindi yelong tubig inumin.
- Ang umaagos na tubig, kahit na tulo laman ay makakaiwas mula sa pagyeyelo ng mga tubo.
- Lahat ng mga kagamitang nagsusunog ng langis at dapat may daanang hangin palabas at walang bara.

Mga Emerhensiyang Kaugnay ng Lamig

- Ang **frostbite** at **hypothermia** ay dalawang delikado at maaaring panganib sa buhay na emerhensiya. Matuto kung paano aalagaan ang mga emerhensiyang ito sa pamamagitan ng paglahok sa klaseng pang-paunang lunas.

Anong mga supply ang aking kailangan?



- Tubig—hindi bababa sa 3-araw na supply; isang galon bawat tao, bawat araw
- Pagkain—hindi bababa sa 3-araw na supply ng hindi napapanis, madaling ihandang pagkain
- Flashlight
- Radyong de-baterya o pinipihit ng kamay (NOAA Weather Radio, kung posible)
- Mga ekstrang baterya
- Kit para sa paunang lunas
- Mga gamot (pang 7-araw na supply) at medikal na kagamitan (mga hearing aid na may ekstrang baterya, salamin, contact lense, ringgilya, baston)
- Tool para sa iba't-ibang paggagamitan
- Mga gamit panlinis at pampersonal na kalinisan
- Mga kopya ng personal na dokumento (listahan ng gamot, mahalagang impormasyong medikal, katibayan ng address, titulo/kontrata sa bahay, mga pasaporte, mga sertipiko ng kapanganakan, mga polisa ng seguro)
- Mga cell phone na may charger
- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa pamilya at emerhensiya
- Ekstrang pera
- Mga kagamitan ng sanggol (mga bote, gatas, pagkain ng sanggol, lampin)
- Kagamitan ng mga alagang hayop (kuwelyo, tali, ID, pagkain, kargahan, mangkok)
- Mga tool/supply upang seguruhin ang inyong tahanan
- Mga buhangin, buong asin o hindi namumuong kitty para sa mga daanan at apakan upang hindi masyadong madulas
- Mainit na mga panginaw, mga guwantes o mga mitten, mga sombrero, mga botas at ekstrang mga kumot para sa lahat ng mga miyembro ng tahanan
- Sapat na alternatibong paraan sa pagpapa-init katulad ng mga sigaang o mga kalang nagsusunog ng kahoy o uling

Ano ang aking dapat gawin matapos ang pag-ulan?



- Pumunta sa natakadang pampublikong silungan kung nawalan ng koryente ang inyong tahanan o pang-init sa pamahon ng matinding lamig.
- Iwasang magmaneho kapag may sleet, nagyeyelung ulan o ambon, niyebe o makapal na hamog.
- Bago tahakin ang mabibigat na gawain sa malamig na temperatura, isaalang-alang ang iyong pisikal na kondisyon, ang mga salik ng panahon at ang uri ng gawain.
- Protektahan ang iyong sarili mula sa frostbite at hypothermia sa pamamagitan ng pagsuot ng damit na mainit, maluwa at may ilang patong. Manatili sa loob kung posible.
- Tulungan ang mga tao na nangangailangan ng espesyal na tulong katulad ng mga matatandang mag-isa sa bahay, mga taong may kapansanan at mga bata.
- Tingnan ang iyong mga hayop at siguruhin na ang pagkukunan nila ng pagkain at tubig ay hindi nababarahan ng niyebe, yelo o ibang sagabal. Kung posible, ipasok sila.

Mag-ingat: Nakapatay ang Carbon Monoxide

- Huwag gumamit ng generator, ihawan, kalang pang-kampo o ibang aparatong gumagamit ng gasolina, propane, natural na gas o nagsusunog ng uling sa loob ng bahay, garahe, silong, gapangan o lugar na bahagyang sarado. Ilayo ang gamit sa mga pinto, bintana at butas kung saan maaaring makapasok ang carbon monoxide.
- Ang pangunahing mga peligro na iiwasan kapag gumagamit ng alternatibong pagkukunan ng koryente, pag-init o pagluto ay paglalason mula sa carbon monoxide, pagkokoryente at sunog.
- Maglagay ng mga alarma para sa carbon monoxide sa mga gitnang lugar sa bawat lebel ng inyong bahay at sa labas ng mga lugar na tulugan upang maglaan ng maagang babala sa naiipong carbon monoxide.
- Kung tumunog ang alarma ng carbon monoxide, agad lumipat sa lokasyon sa labas na may preskong hangin o sa tabi ng bukas na bintana o pintuan.
- Humingi ng tulong mula sa lugar na may preskong hangin at manatili doon hanggang dumating ang tauhang pang-emerhensiya upang tulungan ka.

Ipaalam sa Iyong Pamilya na Ikaw ay Ligtas

Kung ang inyong komunidad ay nakaranas ng matinding bagyo sa taglamig, o anumang sakuna, magrehistro sa American Red Cross Safe and Well na Web site makukuha sa pamamagitan ng RedCross.org/SafeandWell upang ipaalam sa iyong mga pamilya at mga kaibigan ang iyong kapakanan. Kung wala kang access sa Internet, tumawag sa **1-866-GET-INFO** upang irehistro ang iyong sarili at ang pamilya mo.



Para sa higit pang impormasyon sa sakuna at pagkahanda sa emerhensiya, bumisita sa RedCross.org.